

KIAN***Kumusta Kawasaki***

KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koryano, Espanyol, Portugal, Tagalog, Madaling Nihonggo

[Matatagpuan ang isyu na ito sa HP \(http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html\)](http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html).

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



おかげさまで
20周年
20th Anniversary 2009

Mga Paalala mula sa Lungsod ng Kawasaki**Bagong uri ng Trankaso (H1N1 flu) lumaganap na rin sa Kawasaki**

Ano: Wala pang bakuna laban sa lumalaganap na H1N1 flu subalit ang Siyudad ng Kawasaki ay nagtatag ng pasilidad (HATSU NETSU SOUDAN CENTER) kung saan ang mga nakakaramdam ng sintomas ay pwedeng kumunsulta sa loob ng 24 oras.

Hoken fukushi kyoku kenko anzen shitsu : Tel. 044-200-2692 Fax:044-200-3928

Matatagpuan din sa Home Page ng Kawasaki City ang mga impormasyon tungkol sa H1N1

Saan **Sa AMDA International Medical Information Center**

Telepono Center Tokyo : 03-5285-8088

Kailan Bukas mula Lunes hanggang Linggo at pistang opisyal

Oras 9:00 hanggang 18:00 pinahaba ang oras para sa H1N1

Wikang gamit sa konsultasyon: Ingles, Thai, Intsik, Korya, at Espanyol

Portugal : Lunes, Miyerkoles at Biyernes mula 9:00 hanggang 17:00

Filipino : Miyerkoles mula 13:00 hanggang 17:00

Eksibisyon bilang pag-alala sa ika-150 Anibersaryo ng Yokohama Port Opening

Ano: Eksibisyon ng mga litrato at dokumento tungkol sa port opening ng Yokohama at ng Kawasaki entrans: Adult:600yen estudyante at 65 yrs. old pataas 400yen, libre para sa bata hanggang jr. high sch

Kailan ika-18 ng Mayo hanggang ika-7 ng Hunyo 9:30 hanggang 17:00

Lugar Kawasaki Shimin Museum Nakahara-ku Todoroki 1-2

Telepono 044-754-4500 Fax:044-745-4533

Mga buwanang paalala**Pag apply ng Pabahay ng Gobyerno (Shiei Jutaku)****Umpisa sa ika-22 ng Mayo hanggang ika-5 ng Hunyo**

Kwalipikasyon : ①Nakatira o nagta-trabaho sa Kawasaki ng may isang taon

②Nahihirapang maghanap ng matitirahan

③Marunong makisama sa ibang taong nakatira sa pabahay ng gobyerno

④Hindi nagkukulang o lumiban sa pagbayad ng upa ng bahay at ng residential tax (jyuminzei)

⑤Hindi humihigit sa 158,000 yen ang tinatanggap na suweldo bawat buwan

Ang mga application forms ay makukuha sa mga pampamahalaang tanggapan at mga sangay nito atbp

Mga detalye:Kawasaki International Association 044-435-7000

Kawasaki shi Jyutaku Kyokyu Kosya 044-244-7578

Kaloob na salapi galing sa pamahalaan para sa mga dayuhang mag-aara

Ang Kawasaki International Association ay nagbibigay ng subsidy o suportang pinansyal sa mga mag-aaral sa unibersidad sa Lungsod ng Kawasaki o mga dayuhang mag-aaral na nakatira sa Kawasaki.

Ang mga rekomendado ng paaralan at mga mag-aaral na may katangian tulad ng:

Kwalipikasyon ①「Ryugakusei」ang uri ng Visa

②Nakarehistro bilang dayuhan at nakatira sa loob ng Kawasaki

③Mag-aaral ng Kolehiyo, Higher vocational, special course ng Kawasaki

④Hindi paaral ng Gobyerno

⑤Pwedeng irekomenda ng paaralan

⑥Pwedeng makasali sa mga aktibidades ng international exchange sa lokalidad.

Halaga ng subsidy: ¥10,000 yen/buwan (2beses ang bigayan sa loob ng isang taon sa 54 katao)

Ano	Summer English at Chinese Lessons	
Kailan	ika-28 hanggang 30 ng Hulyo pang 3 days lesson	
Sino	English: Grade 1 hanggang Grade 4	Chinese: 5yrs. old hanggang 8 yrs. old (guardians allowed inside)
Ilan	15 katao bawat klase	
Bayad	3000 yen	

Pakiusap: Pagbabago at Limitasyon ukol sa lugar at oras na pwedeng kumain sa loob ng Sentro

Ang pagkain sa conversation lobby ay pinahihintulutan hanggang sa kasalukuyan. Subalit, mula ika-1 ng buwan ng Abril, ang lugar ay magbabago na mula conversation lobby, inilipat sa kabilang lugar ng information lobby sa loob ng alas 12:00 hanggang alas 1:00 ng hapon. Inaasahan ang inyong kooperasyon.
(Inose)

♪♪♪ 2009 INTERNATIONAL FESTIVAL IN KAWASAKI ♪♪♪	
Ano	2009 International Festival in Kawasaki ♪♪♪
Stage:	drums, latin dance, kimono shows, children's songs and dances, Javanian dance & shadow shows
Exhibits & Seminars :	special events :20th year Anniversary ng Kawasaki International Association US Baltimore with Kawasaki City's 30th year anniversary, Japanese green tea ceremony, flower arrangements crafts, wearing yukata, world products, flea markets etc.
Outdoor Events :	World Foods Corner, Game Corners, Fresh vegetable, Jinrikisya, Petanc, Solar power system
KAILAN	July 5, 2009 10:00~17:00, Kawasaki International Center

The Supplementary Income Payments & Special Allowance for Child-Rearing

Teigaku Kyufu Kin ay kaloob ng gobyerno sa lahat ng mamamayan maging ang mga dayuhan. ¥20,000 yen para sa bata hanggang 18 years old at ¥12,000 yen para sa mga adults.

Kosodate ou-en tokubetsu te-ate ay para naman sa mga magulang na may mga anak na ipinanganak ng April 2, 2002 hanggang April 1, 2005. ¥36,000 bawat bata mula sa pangalawang anak.

Ang mga katanungan ay ipaabot sa call center: 044-540-0787.

Panawagan para sa mga kababayan!

NH Nipa Hut Group

Ang Nipa Hut o Bahay kubo sa tagalog ay nagdaos ng kanilang 2nd meeting noong ika-20 ng Mayo (Miyerkoles). Layunin ng NH ang makatulong sa mga dayuhan sa pagpapalaki ng kanilang mga anak, makapagbigay ng lugar kung saan ang mga magulang ay matuto ng mga paraan upang makapamuhay ng maayos sa bansang hapon.

Inaasahan ang inyong pagsali sa grupo!! Tumawag sa 090-6943-8407 email: sacredheart8815@gmail.com

Monthly meeting schedule: Every 3rd Wednesday of the month !!COME AND JOIN!!!

LIBRENG SERBISYONG PAG-PAPAYO PARA SA MGA DAYUHAN

SA KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION

Iskedyul ng konsultasyon (10:00~12:00 13:00~16:00)

Tagalog Martes at Miyerkoles Tinatanggap din ang konsultasyon sa wikang hapon.

Ingles Lunes ~Sabado

Espanyol Martes at Miyerkoles * Libreng konsultasyon sa Gyouseishoshi

Koryano Martes at Huwebes 2F ng Kawasaki International Center

Intsik Martes, Miyerkoles at Biyerne May 17, 2009 (Linggo)

Portugis Martes at Biyerne 2:00 ~4:00 (magsama ng taong marunong maghapon)

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 044-435-7000

20th year Foundation ng Kawasaki International Association

Ang Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki ay itinatag noong 1988 at ito ay magdadalawampung taon na!

Upang ipagdiwang ito, gaganapin ang International Festival ng July, at Anniversary Concert naman sa Asao ku sa buwan ng Nobyembre.

Sa darating na taon, ipagdiriwang din sa Nihonggo Speech Contest bilang pag-alaala ng anibersaryong ito.

Ang mga detalyadong impormasyon ay muling ipapahayag sa lahat kaya't antabayanan! (Inose)